Tagalog

# GUMAWA NG PLANO

GET READY .govt.nz

## Para kanino ang planong ito?

### Mga kasambahay

| | |
|---|---|
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |

### Mayroon bang isang may mga natatanging pangangailangan?

Mayroon bang miyembro ng inyong sambahayan na mangangailangan ng tulong sa paglikas, o tulong habang hindi makaalis ng bahay sa panahon ng emerhensiya? Mayroon bang umaasa sa mga pantulong sa pagkilos o aparatong medikal o iba pang natatanging kagamitan? Mayroon bang umaasa sa mga iniresetang gamot? Mayroon ba silang mga suplay na sasapat sa tatlong araw o mahigit pa o mga alternatibo kung walang kuryente?

## May mga sanggol ba o mga maliliit na bata?

Mayroon ba kayong mga lampin, gatas na formula, atbp. na sasapat sa tatlong araw o mahigit pa kung ang mga tindahan at mga kalsada ay sarado? Mayroon ba kayong mga suplay na nasa grab bag sakaling kailanganin din ninyong lumikas nang madalian?

---

## Mayroon bang mga alagang hayop?

Ang inyong mga alagang hayop ay responsabilidad ninyo, kaya tiyaking isali sila sa inyong planong pang-emerhensiya. Mayroon ba kayong tubig at pagkain na sasapat sa tatlong araw o mahigit pa? Mayroon ba kayong mga kulungan o pambitbit upang madala sila at mapanatili silang ligtas? Mayroon bang susundo at mangangalaga sa inyong mga alagang hayop kung hindi kayo makakauwi?

**Mayroon pa bang iba na maaaring mangailangan ng tulong?**

May mga kaibigan, kapamilya, o kapitbahay ba kayo na maaaring mangailangan ng inyong tulong upang makayanan ang isang emerhensiya sa tahanan o upang lumikas?

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan: | | Mga Detalye ng Kontak: | |
| Pangalan: | | Mga Detalye ng Kontak: | |
| Pangalan: | | Mga Detalye ng Kontak: | |

## Makatutulong na mga kontak

Laging tumawag sa 111 kapag may emerhensiya. Pag-isipan ang pang-emerhensiyang hotline ng inyong konseho, sentrong medikal/doktor, propyetaryo, kompanya ng seguro, kompanya ng kuryente, day care/ paaralan, trabaho at mga kapamilya.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan: | Mga Serbisyong Pang-Emerhensiya | Mga Detalye ng Kontak: | 111 |
| Pangalan: | | Mga Detalye ng Kontak: | |
| Pangalan: | | Mga Detalye ng Kontak: | |

# Kung hindi tayo makauwi

## Ang ating lugar-tagpuan

Saan kayo magtatagpo kung hindi ninyo makontak ang isa't isa at kung magkahiwalay kayo kapag nagkaroon ng emerhensiya? Paano kayo pupunta doon?

Magdagdag ng isang address at mga tagubilin.

---

## Sino ang susundo sa mga bata?

Kung hindi ninyo masusundo ang mga bata mula sa paaralan, day care, afterschool care, atbp, sino ang gagawa nito? Alam ba nila ito? Ang paaralan / day care ba ay may mga detalye nila?

| | |
|---|---|
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |

GET READY .govt.nz

## Kung hindi natin makontak ang isa’t isa

Kanino kayo makikipag-alam (isang taong nasa labas ng bayan sakaling hindi gumagana ang lokal na mga linya ng telepono)?

| | |
|---|---|
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |
| Pangalan: | Mga Detalye ng Kontak: |

### Kukuha tayo ng mga pag-update sa pamamagitan ng

Paano ninyo malalaman ang mga pinakahuling balita/babala? Aling mga istasyon ng radyo ang pakikinggan ninyo?
Aling mga website at social media page ang titingnan ninyo?

Istasyon ng radyo/website/ channel ng social media:

Istasyon ng radyo/website/ channel ng social media:

Istasyon ng radyo/website/ channel ng social media:

# Kung tayo ay hindi makalabas ng bahay

## Mayroon ba tayong mga suplay na pang-emerhensiya

Pagkain at inumin para sa tatlong araw o mahigit pa (para sa lahat pati mga sanggol at mga alagang hayop)? Mga flashlight, radyo, at mga baterya para sa mga ito?

First aid/mga suplay ng gamot?  Hindi kailangang nasa isang malaking kahon ang lahat ng mga ito, ngunit baka kailangang hanapin ninyo ang mga ito sa dilim.

Gumawa ng madetalyeng tala kung saan itinabi ang mga bagay na ito

---

## Alam ba natin kung paano papatayin ang tubig, kuryente at gaas?

Patayin lamang ang mga ito kung naghihinala kang may tulo o sirang mga linya, o kung inatasan kang gawin ito ng mga awtoridad. Kung isinara mo ang gaas, kailangan mo ng isang propesyonal upang muling ipabukas ito.

Mga detalye kung paano papatayin ang tubig, kuryente at gaas

## Kung wala tayong kuryente

### Ano ang kailangan ninyong gawin kung mawawalan ng kuryente?

Paano kayo magluluto, magpapainit, makakikita sa gabi (huwag gumamit ng mga kandila dahil ang mga ito ay panganib sa sunog)? Mayroon ba kayong reserbang pera sakaling hindi gumagana ang mga ATM? May sapat ba kayong gasolina sakaling hindi gumagana ang mga pambomba ng gasolina?)

Itala kung ano ang kailangang gawin ng inyong sambahayan

---

## Kung wala tayong tubig

### Ano ang kailangan ninyong gawin kung walang tubig?

May sapat ba kayong nakaimbak na tubig na maiinom (tatlong litro para sa isang tao kada araw para sa tatlong araw o mahigit pa)? May tubig ba kayo para sa inyong mga alagang hayop? Ano ang gagamitin ninyong panluto at panlinis? Ano ang gagamitin ninyo para sa kubeta?

Itala kung ano ang kailangang gawin ng inyong sambahayan

## Kung kailangan nating lumikas nang madalian

### Mayroon ba kayong mga grab bag?

Ang bawat isa ba ay may grab bag* sakaling kailangan ninyong lumikas? Sa tahanan, sa trabaho, sa kotse?

* Isang maliit na bag na may lamang makapal na mga kasuotan, flashlight, radyo, first aid kit, pang-meryendang pagkain, at tubig.

Gumawa ng madetalyeng mga tala kung saan itinabi ang mga grab bag

---

### Saan tayo pupunta?

### Saan kayo pupunta sakaling kailangan ninyong lumikas?

Paano kayo pupunta doon? Kung kayo ay nakatira sa may baybay-dagat, tiyaking ito ay nasa labas ng lahat ng sonang panlikas para sa tsunami. Saan kayo tutuloy kung hindi kayo makauwi sa inyong tahanan?

Gumawa ng madetalyeng mga tala kung saan kayo pupunta at paano kayo makararating doon